



*N*aalimpungatan ako sa tindi ng sakit ng ulo ko. Nasapo ko ang aking sentido at unti-unting iminulat ang aking mga mata. Nang mapansin ko ang di-kilalang silid ay agad akong nahimasmasan. Lalo na nang bumungad sa mga mata ko ang nakatalikod na lalaki sa aking tabi na walang saplot. At saka ko lang din napagtanto na magkasalo kami sa kumot at wala rin akong kahit anong suot. Napansin ko ang mga damit namin na nagkalat sa sahi.

Bumilis ang tibok ng puso ko sa matinding takot. Mabilis na naintindihan ng utak ko ang posibleng nangyari.

At habang pinagmamasdan ko ang likod ng lalaking nakahiga sa mismong kamang hinihigaan ko ay napagtanto kong... kilala ko siya. Isa siyang kaibigan. Na ngayon ay gising na rin at siguradong gaya ko ay hiyang-hiya rin sa nangyari.

Siya si Yzak. Kabarkada ko. Kilala ko na siya at magkaibigan na kami mula nang mag-college kami. Nasa iisa kaming department sa university—Engineering. Batchmates kami, at naging magkaklase rin sa ilang subjects. At sa lahat ng mga kabarkada kong lalaki ay siya ang pinakamalapit sa akin. Friendly kasi siya.

Paano nangyari ito sa amin?

Hindi ko alam.

Sa sandaling ito ay wala akong maalala sa nagdaang gabi. Pero sigurado akong hindi namin iyon ginusto dahil parehas kaming committed sa ibang tao. May boyfriend ako—soon to be fiancé—at siya naman ay may nililigawan.

Ang posibleng dahilan kung bakit ito nangyari? Dahil sa alak. At... dahil parehas kaming may sapak.

“Pasensya na talaga, Kara. Ang gago ko, napainom ako nang marami kahit sabi ko ako ang bahala sa 'yo. Kailangan pa nating humantong sa ganito...” Makikitaan ng matinding pagkakonsyensya ang kanyang mukha.

Naniniwala akong kagaya ko ay hindi rin niya kontrolado ang sarili niya kagabi kaya nangyari sa amin ito. Bukod sa kaibigan ko siya at matagal nang kakilala, malabong pagsamantalahan niya ako. Hindi ganoon si Yzak. Isa pa, patay na patay siya sa babaeng nililigawan niya. Sampung taon na niyang sinisikap mapasagot si Cassie.

*Hindi sapat ang libog para idahilan sa pagkakamaling ito.*

“Nangyari na ang nangyari. Kalimutan na lang

natin. Parang namang may mababago pa kung pag-uusapan pa natin,” sabi ko sa kanya.

Natawa na lang ako nang mapakla at alangan siyang ngumiti sa akin.

Nagkatinginan kami nang matagal hanggang sa matulala ako. At napagtanto ko ang nawala sa akin.

*Ang virginity ko.*

“Patawad talaga. I’m sorry, Kara. Patawad!” Paulit-ulit siyang yumuko.

Lalo lang sumasakit ang ulo ko. Bukod doon... masakit din pati ang ilang parte ng katawan ko. At ngayon ko mas naramdaman ang kirot doon. Patunay na talagang naibigay ko sa kanya ang *first time* ko.

“Tumigil ka na nga! Mas nahihiya ako sa ginagawa mo, eh. Parang namang may magagawa ka pa, eh, nangyari na. Nawala na.” Hindi na marahil maipinta ang hitsura ko. Kahit paulit-ulit kong kumbinsihin ang sarili ko na balewala ang lahat, alam ko na malaking pagkakamali ang ginawa naming dalawa.

Paulit-ulit na kinokonsyensya ng isip ko ang buo kong sistema sa katotohanang hinding-hindi ko na maibibigay ang virginity ko sa boyfriend of three years slash best friend slash first love na halos fiancé ko na.

Hindi ko alam kung paano ipapaliwanag sa taong iyon ang nangyari. Malalaman at malalaman niya ito. At siguradong paghinalaan niya ako dahil simula first year high school ay magkasama na kami.

Wala akong ibang naging boyfriend maliban sa kanya. Sigurado kami sa loyalty ng isa’t isa noon pa lang.

Pero gaya nga ng sabi ko, wala na kaming

magagawa. Nandito na kami sa sitwasyong ito. Nangyari na ang hindi dapat nangyari.

Hanggang sa umalis kami sa motel ay malungkot na malungkot pa rin si Yzak. Mas lalong bumibigat ang pakiramdam ko dahil sa hitsura ng kasama ko. Mas mukha siyang problemado kahit pa pakiramdam ko ako ang nawalan at hindi siya.

Napabuntong-hininga ako. “Kung iniisip mong mabubuntis mo ako, ’wag kang mag-alala. Safe day ko ngayon,” sabi ko, pero parang hindi rin iyon nakagaan sa pakiramdam niya.

“Please, Yzak. Kalimutan na natin ang nangyari. Parehas lang tayong maaapektuhan nang sobra kung iisipin pa natin. Alam kong nag-aalala ka na baka may makaalam nito, ayoko rin n’un,” dagdag ko pa.

“Pero, Kara... nagkamali ako. Ako ’yung lalaki. Gusto kitang panagutan. Iyon ang dapat kong gawin.”

Gustuhin ko mang paniwalaan ang sinabi niya, hindi ko magawang kumbinsihin ang sarili ko na wala akong pagkakamali.

“Naniniwala akong hindi mo iyon ginusto. Sobrang lasing lang tayo. Don’t feel so guilty. I’m really totally fine.” Tinapik ko pa siya sa balikat bago ako tuluyang nagpaalam.

Habang tumatakbo ang oras ay mas lalo akong nababahala. Mas bumibigat ang pagkakonsyensyang nararamdaman ko. Hindi ko alam kung paano ako haharap sa fiancé ko lalo’t hindi nga pala kami okay na dalawa. Nag-away kami, masama ang loob niya na ako lang ang makakapag-abroad sa aming dalawa. Pagkatapos may nangyari pa na ganito.

Paano ko ito sasabihin sa kanya? Nagpatungpatong na ang problema ko. Mas lumala pa ang sitwasyon ngayon. Sa sobrang guilty ko, parang ayaw gumana ng utak ko para mag-isip. Parang wala na akong dahilan para makipag-ayos sa kanya. Nawawalan na ako ng pag-asang magkakaayos pa kami.



Lumipas pa ang ilang araw. Hindi ko pa rin magawang magparamdam kay Giu—ang fiancé ko. Alam kong ang unfair ko. Wala naman siyang kasalanan.

Iyon nga ang punto, wala siyang kasalanan. Giu didn't deserve this. Kinakain ako ng guilt na ang naiisip kong pinakamabuting desisyon ay tapusin na ang lahat sa amin bago ako umalis ng bansa.

Naduwag ako. Natakot. Sobrang sakit ng desisyon kong iyon pero hindi ko talaga kayang lokohin siya. Mas hindi ko kayang aminin sa kanya ang pagkakamali ko. Hindi ko kayang magpanggap na walang nangyari, na walang nagbago.

*“So gan'on na lang 'yun, Kara? Dahil lang sa mag-a-abroad ka ay maghihiwalay tayo? Alam kong sinabi ko na baka hindi ko kayanin ang LDR pero, di ba sabi mo susubukan natin? Why are you being so selfish? 'Yung tatlong taon itatapon mo dahil lang nagawa mong makapasa at ako hindi!”*

*Hindi ko nagawang sumagot.*

*“Fine! If this is what you want, 'wag mo sanang pagsisihan.”*

Tumatak sa akin ang masasakit na salitang sinabi

niya. Sobrang sakit pero iyon ang sa tingin ko ay tamang gawin. Ang palayain siya. Ganoon din naman kasi ang mangyayari. Magkakahiwalay rin kami kapag nalaman niya ang tungkol sa nangyari sa amin ni Yzak. Magagalit siya at kasusuklaman niya ako.

Dahil sa hindi magandang paghihiwalay namin ni Giu, nag-focus na lang ako sa career ko sa Japan. Isa pa, pangarap ko talaga ito.

At ayoko na ring magpaapekto.

Buo na ang loob ko na makalimot at mag-move-on. Iyon ang naging paraan ko para makatakas sa pagkakamali ko sa kanya.

Naging maganda ang unang buwan ng paninirahan ko sa Japan. Hindi naging mahirap sa akin ang mag-adjust dahil na rin sa tulong ng ate ko at ng kanyang pamilya na medyo matagal na sa bansang iyon.

Hindi rin naman ako nagpahuli sa mga balita sa Pinas. Sa group chat naming magbabarkada at sa tulong ng social media ay nalaman kong sa wakas ay sinagot na ni Cassie si Yzak. Masaya ako para sa kanya.

Sa katunayan, noong nagpadespedida ako sa bar ay parehas kaming brokenhearted ni Yzak. Parehas kaming frustrated. Noong mga panahong iyon kami nag-away ni Giu. Naaalala ko pa kung gaano siya kahirap suyuin. Pinipilit niya akong huwag na lang tumuloy ng Japan dahil na-reject siya.

Natanggap ako bilang isang Solutions Engineer. Oportunidad iyon na akala ko ay ipagmamalaki at ikatutuwa niya. Pero hindi niya ako naintindihan. Naging makasarili siya kaya sa inis ko, naisip kong

mag-inom at magrebelde sa kanya.

Si Yzak nang mga panahong iyon ay problemado kay Cassie na kinukulit pa rin ng ex-bf nito. Bali-balita na may namamagitan pa rin kay Cassie at sa ex nito.

Walang magawa si Yzak para pilitin si Cassie na layuan na nang tuluyan ang ex dahil nanliligaw pa lang naman siya noon. Sampung taon na niyang sinusuyo ang babaeng iyon. Sampung taon na siyang sa tingin namin ng barkada ay nagpapakatanga.

At sa wakas heto na, napasakanya na rin ang babaeng matagal na niyang inaasam. Aware kaming magbabarkada na si Cassie lang ang gusto ni Yzak. Si Cassie ang babaeng mahal niya at gustong pakasalan.

Kahit ang tanga ng kaibigan naming iyon sa pag-ibig, hanga ako sa loyalty niya. Ilang beses na siyang nasaktan, pinaasa, at pinagmukhang-tanga pero binabalik-balikan pa rin niya si Cassie.

Lumipas ang ilan pang linggo. Habang tumatagal mas nagugustuhan ko rito sa Japan. Nakatulong ang ganda ng bansang ito para pansamantala kong makalimutan ang tungkol kay Giu. Parang gusto ko na yatang dito na lang tumira habang-buhay. Parang lalo kasing gumaganda ang mga nangyayari sa bawat araw ko rito. Mabait ang boss ko at bukod doon sobrang nae-enjoy ko ang trabaho. Araw-araw ay mas nasasanay ako sa buhay rito.

Ngunit ang kasiyahan na iyon... ay madali ring binawi sa akin.

“Nakita mo na ba, Kara? May ibang girlfriend si Giu.”

Hindi ko alam ang mararamdaman nang mga oras

na iyon. Nanginginig ang mga kamay ko habang hawak ang phone at nakatulala sa screen niyon. Naroon ang picture ni Giu at ng isang babae. Nakalagay sa caption na iyon ang *bago niyang girlfriend*.

Hindi ako makapaniwala. Hindi ko naisip na sa loob lang ng maikling panahon ay madali niya akong napalitan at mukhang tuluyan na ngang kalimutan.

“Ano’ng nangyari? Bakit may ipinapakilala siyang ibang babae? Wala na ba kayo? Niloloko ka ba niya?”

Bahagya kong nasapo ang aking sentido. Naririndi ako sa boses ng ate ko. At parang nahihilo ako.

Walang alam ang pamilya ko sa pakikipaghiwalay ko kay Giu. Ayokong ipaalam sa kanila ang tungkol doon dahil sigurado akong hahalungkatin nila ang rason sa likod niyon. At ayokong matuklasan nila ang nangyari.

Ganoon naging kabilis ang karma sa akin.

“Kara! Ano ba, sagutin mo ako—KARA!”

Ang huli kong naalala ay nagdilim ang mga paningin ko.



Bumalik sa akin ang nangyari nang gabing iyon.

“Uy! Hindi ka pa ba uuwi? Nag-alisan na sila.” Mula sa sulok ng mata ko ay nakita kong naupo si Yzak sa aking tabi.

Abala ako sa pagkain ng pulutan. “Alam ko. Pinauna ko na sila.” Kinuha ko ang bote ng alak at nilaklak iyon.

“Uy uy, uy!” Pinigilan ako ni Yzak. “Gusto mo bang mas magkagalit kayo ni Giu?”

“Tss. Kahit ngayon lang gusto kong malimutan ang



tungkol kay Giu. Masyado niya akong pinahihirapan. Hindi niya ako maintindihan. Nasasaktan na ako at gusto kong makalimot sandali.” Muli akong lumaklak ng alak.

Tumahimik si Yzak at saglit akong pinanood.

“Sige. Ako na’ng bahala sa ’yo. Uminom ka lang d’yan. Ilabas natin ang sama ng loob ng isa’t isa.” Kumuha siya ng isang baso, nagsalin ng alak at uminom din.

Medyo natawa ako. Gets ko na agad ang problema niya. “Si Cassie na naman? Don’t tell me hindi pa rin siya tatantanan ng ex niya at itong si Cassie ayaw pa din magpaawat? Akala ko ba okay na kayo?”

“Akala ko din...” malungkot niyang sabi. “Ewan ko ba!”

Naaalala ko na.

Naaalala ko na kung paano nag-umpisa ang pagkakamali namin ni Yzak. Parehas naming dinaan sa alak ang sama ng loob na nararamdaman sa mga taong minamahal namin. Kahit sandali lang ay nakaramdam ako ng gaan ng loob at nakalimutan ko kahit papaano ang mga problema habang umiinom ng alak at nakikipagkwentuhan kay Yzak. Nag-enjoy kami nang mga oras na iyon. Nagkaintindihan.

Uuwi na dapat kami noon pagkatapos. Sumakay kami ng taxi. Paulit-ulit na itinanong ng driver kung saan kami pupunta. Pero wala sa amin ang pumapansin sa kanya dahil parehas kaming magulo ni Yzak.

“Palagi kong nakikita ’yang motel na ’yan sa lugar na ’to. Nakaka-distract!” bulong ko.

Narinig kong tumawa si Yzak. “Naku-curious ka

lang, eh,” pabirong sabi niya.

Narinig niya pala ang sinabi ko.

“Ikaw yata, eh. Siguro nakapasok ka na sa mga motel, 'no!” bwelta ko.

Parehas na kaming wala sa sarili nang mga oras na iyon.

“Alam ko na! Gusto mo pumunta tayo sa motel?”

Humagalpak kami ng tawa parehas sa sinabi niya. Lasing na talaga kami.

Ang sunod na nangyari ay dinala nga kami ng taxi driver sa isang motel.

“Aba, gagong driver iyon! Bakit dito tayo ibinaba?” maktol ko. Ayaw na talaga kaming ihatid ng driver.

“Ninakawan niya ako,” sabi ni Yzak. “Pamasahe daw natin. Eh, wala naman akong sinabing dito tayo bababa!” reklamo niya pa.

Tumawa kami parehas.

May lumapit sa amin. Mukhang isa sa mga empleyado sa motel. Hanggang sa nag-check-in kami at napunta sa isang kuwarto.

Sobrang saya ko noon dahil first time ko ngang makapunta ng motel. Nakakahiya. At mas nakakahiya ang sunod na nangyari. Sinukahan ko ang sarili ko.

“Yuck! Ang lagkit mo na niyan! Dali, maghubad ka,” natatandaan kong sabi ni Yzak.

Ahh...

Doon na nagsimula. Dahil sa katangahan ko ay parehas kaming nahulog sa patibong ng tukso.



Unti-unti ay minulat ko ang aking mga mata. Bumungad sa akin ang isang di-pamilyar na silid.

Ramdam ko pa rin ang panghihina ng katawan ko. Inilibot ko ang tingin ko sa paligid hanggang sa mahagip ng mga mata ko ang ate ko na nakayuko.

Mayamaya ay nag-angat siya ng tingin sa akin. Napakalungkot ng mga mata niya. At makikitaan din ng galit ang kanyang mukha.

“Nawalan ka ng malay kanina,” malamig na sabi niya.

Bahagya akong bumangon mula sa pagkakahiga. “Ano daw nangyari? Over-fatigue?”

Hindi sumagot ang ate ko. Mataman lang niya akong tiningnan.

*Ewan ko, pero parang may mali akong nagawa.*

“Ate?” muli kong tawag sa kanya.

Muli siyang napayuko. Mula sa nakakuyom niyang mga kamay ay napansin ko ang panginginig niya. “Kailan pa? Kailan mo pa kami niloloko?”

Hindi ko maintindihan ang ibig niyang sabihin. Sumagi sa isip ko ang tungkol kay Giu.

*Nalaman ba nilang ako ang nakipaghiwalay rito?*

“Ate... ano ba’ng nalaman mo?” kinakabahan kong tanong. Bukod kasi sa bagay na iyon ay wala naman na akong itinatago sa kanila.

Nag-angat siya ng tingin sa akin. At halos hindi kinaya ng puso ko ang mga katagang lumabas sa bibig niya.



*P*arang nanikip ang dibdib ko. Sumakit ang ulo ko. Naghalo-halo ang emosyon na aking naramdaman. Pero mas nanaig ang matinding takot. Napahawak na lang ako sa aking puso hanggang sa unti-unting lumabo ang mga paningin ko sa luha.

“Hindi... bakit...?” Hindi ko alam kung saan ako magsisimula. Lalo akong nanghina sa kaba.

Ngayon lang din sumagi sa isip ko na hindi pa ako dinadatnan simula nang dumating ako rito.

“Kara, wala kang alam? Hindi mo alam na nabuntis ka ng lalaking iyon?”

Pumatak ang luha ko. Takot na takot ako. Wala akong alam at hindi ko talaga inaasahan na magbubunga ang pagkakamaling iyon. Hindi ko alam ang gagawin ko. Paano ko sasabihin kay Ate na...

*Hindi si Giu ang ama!*

Humagulhol ako ng iyak. Sobrang gulo ng isip ko.

“Hindi ito puwede! Ayoko nito!” sigaw ko. Mayamaya ay pumasok ang nurse at mula rito ay narinig kong muli na talagang... nagdadalang-tao ako.

*Ni-congratulate pa ako ng nurse.*

Ilang oras akong tulala pagkatapos akong mapakalma. Nang iwan ako sandali ni Ate ay nagsimulang maglaro ang mga tanong sa isip ko.

Paano ko sasabihin kay Yzak? Sasabihin ko ba sa kanya? Kaya ko bang sirain ang kasiyahan niya sa piling ng babaeng matagal na niyang inaasam? Paano ang pamilya ko? Matatanggap ba nila? Itatakwil ba nila ako sa pagkakamali kong ito? Mapapatawad ba nila ako kapag nalaman nilang hindi ko boyfriend ang nakabuntis sa akin? Paano ang career ko dito sa Japan? Paano ko aalagaan ang batang ito?

Muli akong napaiyak. Sa dami ng katanungan sa isip ko ay mas lalo lang akong natataranta.

“Kara?” narinig kong tawag ng ate ko. Nakabalik na siya sa kwarto.

Hindi ko na napigilan ang emosyon ko. Parang sasabog na ang puso ko. “Ate, patawad! I’m very sorry. Hindi ko alam. Hindi ko talaga alam na mangyayari ito!” Muli akong humagulhol.

Agad siyang nakalapit sa akin at niyakap ako. “Shh! Tahan na. Magiging okay din ang lahat. Sa ngayon, mas mabuting malaman ni Giu ang tungkol sa bata.”

Mas lalo akong nataranta. “S-si Giu—Hindi siya ang amaaa!” Hindi ko na kinaya. Natatakot akong itago pa ito sa kanila.

Bumitaw sa yakap ang ate ko dahil sa gulat. Mas

lalo akong binalot ng pangamba sa reaksyong gumuhit sa mukha niya.

“Ano’ng sinasabi mo?”

“H-hindi ko sinasadya, Ate. Hindi ko talaga alam na magbubunga ang pagkakamali kong ito. Nakipaghiwalay ako kay Giu dahil pinagtaksilan ko siya. Patawad...” humihikbi kong sabi.

“K-kung gan’on, sino ang ama?”

Hindi ako nagsalita. Naiyak lang lalo ako.

Hinawakan niya ako sa magkabilang balikat. “Sino ang ama ng ipinagbubuntis mo, Kara?” pagpupumulit niya.

Mas lalo lang akong humagulhol. Hindi ko siya magawang tingnan sa mga mata.

“Hindi mo alam na buntis ka. Walang alam si Giu. Mas lalong hindi alam ng pamilya natin sa Pilipinas. Ang mga kaibigan mo? May nalalaman ba sila dito?”

Natakot ako sa sinabi niya.

Saka ko lang siya nagawang tingnan. Nakiusap ako sa kanya. “Nagmamakaawa ako, Ate. Please, ilihim natin ito sa mga kaibigan ko. Bukod sa pamilya natin ay ayokong may ibang makaalam.”

Itinulak niya ako.

“Nahihibang ka na ba? Sa tingin mo, ano’ng mangyayari sa ’yo dahil sa pagbubuntis mo na yan? Dapat na malaman iyan ng ama ng batang ipinagbubuntis mo—”

“Hindi niya nga kasi puwedeng malaman!”

Natigilan siya. Kahit ako ay hindi inaasahan na masisigawan ko siya.

Halos lumuhod ako sa kanyang harapan. “Alam

kong malaki ang utang na loob ko sa 'yo, Ate. Alam kong sobrang kapal ng mukha ko na hihingin ko pa sa 'yo ang pabor na 'to kahit sobrang laki ng kasalanan ko. Pero pangako, ito na ang huli. Gusto ko lang na ilihim ang tungkol sa batang ito. Kakayanin ko itong mag-isa.”

Matagal bago siya nagsalita. “Bigyan mo ako ng rason para paniwalaang tama ka.”

Nag-angat ako ng tingin sa kanya.

Sobrang sakit na makita ang ganoong galit sa kanyang mga mata. Sa mga tingin pa lang niyang iyon ay pinanghihinaan na ako ng loob.

Muli akong napayuko.

Tanging ang kabog sa dibdib ko dulot ng takot ang naririnig ko.

“Isipin mo na lang kung ano pang mas masasakit na salita ang maririnig mo sa mga magulang natin kapag nalaman nila ang sitwasyon mo. Hindi ka lang disgrasyada, nagpabuntis ka pa sa lalaking hindi mo naman asawa.”

Mas lalong nanikip ang dibdib ko. Ang luha sa mga mata ko ay tila tubig sa gripo na walang tigil sa pagbuhos. Nahahirapan na rin akong humikbi.

“Dapat kang panagutan ng lalaking iyon, Kara—”

“Hindi mo naiintindihan. Mas madami lang masasaktan kapag nalaman ng taong iyon ang kalagayan ko,” mahinahon kong saad.

“Alam kong mahirap initindihin, kahit sabihin kong wala kami sa katinuan n’ung mangyari iyon... Oo, nagkamali kami. Nagbunga ang pagkakamali namin. Pero ayokong maging rason ito para may mas pagsisihan ako. Siguradong masisira ko ang buhay

ng taong iyon. Ayokong madagdagan pa ng isang pagkakamali ang mga nagawa namin kapag nasira ko ang mga desisyon ng taong iyon. Alam kong gaya ko, hindi niya rin ito ginusto. Ayokong pagsisihan kung sasabihin ko sa kanya ang sitwasyon ko. At ayokong guluhin ang desisyon ng taong iyon. Ayokong bukod sa inyo ay may mas ma-disappoint pa sa akin.

“Mas mabuting mag-isa akong magdusa... kaysa maramdaman ko na 'yung sakit na parang sinisisi ako ng lahat. Mas mabuting ako na lang mag-isa ang umako ng responsibilidad na 'to kesa maramdaman kong ipinagpipilitan ko ang sarili ko sa iba. Please... bigyan mo lang ako ng pagkakataon, Ate. Sasabihin ko rin sa taong iyon ang lahat. Pero hindi sa ngayon. Hindi ko pa kaya ngayon,” garalgal kong sabi.

“Bakit ka ba ganyan mag-isip? Parehas ninyong pagkakamali ang nangyari!”

Kailangan kong ipaintindi sa kanya na dapat na ilihim ang pagbubuntis ko.

“Pangako, Ate, magtatrabaho ako para buhayin ang batang ito. Kakayanin ko itong mag-isa. Isa lang ang pakiusap ko, isikreto mo na muna ang nalaman mo. Parang awa mo na, Ate.”

Napaupo si Ate sa sahi. Siguro dahil sa galit na nararamdaman kaya nawalan siya ng lakas.



Nang ma-discharge ako sa hospital, umalis ako sa bahay ng ate ko at ng pamilya niya. Kapalit niyon ay ang pananahimik niya. Hindi na kami nagkausap ng kapatid ko pagkatapos niyon. Pinutol ko muna ang lahat ng komunikasyon sa pamilya ko.

Sobrang naging mahirap sa akin ang sitwasyon



ko. Nagsikap akong mabuti sa pagtatrabaho at naghanap din ng iba pang part-time jobs para mas makaipon. Minsan nagkakasakit ako dahil sa sobrang stress. Ramdam kong mas madali akong mapagod kumpara noon. Minsan ay hindi ko rin maiwasan ang malungkot. Nami-miss ko si Ate, ang mga kaibigan ko, at lalo na ang pamilya ko.

Lumalaki na nga talaga ang tiyan ko...

Hindi ko inaasahan ang pagdalaw sa akin ng isang bisita. Hindi matatawaran ang gulat sa mukha niya nang magkakarap kami. Ganoon pala kasakit na makita siya sa ganitong sitwasyon.

Sobrang dinurog ang puso ko.

Kasama niya si Ate na nakiusap sa akin na bumalik na sa kanila. Nag-aalala na raw siya sa akin at hindi na raw niya kayang itago ang sikreto ko kaya nasabi na niya sa pamilya namin at kay Giu.

Matagal na pala niya akong nahanap at madalas niya akong dinadalaw nang palihim sa apartment ko. Hindi niya raw kasi matiis na hindi niya malaman ang kalagayan ko.

Hanggang sa lumipad nga si Giu rito sa Japan at pinuntahan siya. Sinubukan niyang ilihim ang tungkol sa akin, pero nagpumilit si Giu.

“Nakipag-break ka sa akin dahil dito. Bakit hindi mo sinabi? Palagi kong itinatanong kung ano ba ang pagkakamali ko. Akala mo ba hindi kita mapapatawad? Iniisip mo ba na hindi kita matatanggap? Mas hindi ko kaya na wala ka, Kara.” Hawak-hawak ni Giu ang mga kamay ko nang mga sandaling iyon, umiiyak siya sa aking harapan.

Sobrang na-miss ko siya.

Nalaman niya kay Ate ang kalagayan ko, pero walang sinabi si Ate tungkol sa ama ng ipinagbubuntis ko. Wala rin pati siyang alam. Ang alam ni Giu ay nabuntis lang ako ng kung sino.

Hindi rin daw totoo na may bago siyang girlfriend. Sa katunayan, nandito raw siya para tuparin ang pangarap naming dalawa.

Binawi ko ang mga kamay ko sa kanya kahit sa totoo lang ay nangulila ako sa hawak niya at ayokong bumitaw sa kanya.

But it just felt wrong.

Nakita ko ang takot sa mga mata niya, tila nahulaan na niya ang magiging sagot ko.

“You deserve better than this. Alam nating dalawa kung gaano kataas ang pangarap ng mommy mo para sa 'yo. Don't disappoint her just because you still love me.”

Magkaibigan na kami ni Giu nasa high school pa lang kami. Naging matalik na magkaibigan kaya parehas din kami ng course na kinuha noong mag-college—Industrial Engineering—kahit pa magkaiba kami ng university na pinasukan.

Noong maging stable kami sa trabaho ay saka siya umamin sa akin at nanligaw. Sa tagal ng pinagsamahan namin ay nakilala ko siya nang lubusan, kaya rin nahulog ang loob ko sa kanya.

Noon pa man ay alam ko na kung paanong handa siyang gawin ang lahat para sa kanyang ina. He did everything for her to be proud of him.

Kahit ako, ginalingan ko para makasabay kay Giu at maging deserving sa kanya. Alam kong masasaktan siya pag na-disappoint ang mommy niya.

At ayokong maging disappointment niya.

“Kalimutan na natin ang isa’t isa. I’m sorry.”

Alam kong magiging mahirap sa aming dalawa ang desisyon ko. Parang hindi lang ang relasyon namin ang sinisira ko kundi pati na ang aming pagkakaibigan.

Kahit sabihing nakipaghiwalay na ako sa kanya noon, sobrang hirap pa rin ng desisyon kong ito ngayon. Sa gagawin ko, tuluyan ko na siyang aalisin sa buhay ko.

Si Giu ang unang lalaking minahal ko. Noong magkaibigan pa lamang kami ay nandiyan na siya palagi at handang gawin ang lahat para sa akin. Malaki ang utang na loob ko sa kanya. He made me a better person.

Ang totoo, kung wala siya ay hindi ko siguro mararating ang tagumpay na nasa akin ngayon. Siya ang nagturo sa akin na magkaroon ng pangarap sa buhay.

Pero iyon din ang dahilan kung bakit kailangan kong bumitiw sa kanya.

Parang hindi ko mapapatawad ang sarili ko. Sa kabila ng lahat ng kabutihan ng taong ito ay nagawa ko siyang pagtaksilan. Hindi ako naging maingat. Sinira ko ang napakagandang relasyon namin dahil sa di-sinasadyang pagkakamali.

At hindi niya deserve na akuin ang pagkakamali ko. Ayokong pagsisihan niya ito sa huli. Alam ko, kahit gaano pa ang natitirang respeto at pagmamahal namin sa isa’t isa, hindi na kami magiging gaya noon.

Hindi ko kakayanin na makita siyang paulit-ulit na nasasaktan. Kaya ngayon, tinatapos ko na ang lahat sa amin.

Hindi ko siguro malilimutan ang luhang naglandas sa mukha ni Giu nang sandaling iyon. Marahan kong pinunasan ang mga luha niya. Iyon na ang huling beses na magagawa ko iyon.



Naranasan ko ang hirap ng pagdadalang-tao, panganganak, pag-aalaga ng baby, at ng pagtatrabaho. Lahat ng iyon ay nakaya ko sa tulong ng pamilya ko.

Mabilis na lumipas ang mga taon.

“Mama!” narinig kong tawag sa akin ng tatlong taong gulang kong anak.

“Muah, muah!” Sinalubong ko siya ng halik saka binuhat. “I miss you, my baby Yra!”

Pinangalanan ko ang batang hawak ko na Yra. Mag-aapat na taon na siya four months from now.

Napagdesisyunan namin ni Ate na sa ikaapat na taong kaarawan ni Yra ay uuwi kami sa Pilipinas at doon ipagdiriwang ang birthday ng anak ko.

Madaming nangyari sa loob ng mga nagdaang taon.

Lumaking masayahin at masigla si Yra. At habang lumalaki ay mas kapansin-pansin ang hitsura niya na nakuha sa kanyang ama. Bukod doon, may mga ugali at gawi siya na nakuha kay Yzak.

Kahit saang anggulo ko siya tingnan... Kung kilala si Yzak ng makakakita sa anak ko, malamang mabilis nilang mapagtatanto na anak niya si Yra.

Noong ipanganak ko ang batang lalaking ito at hanggang ngayon, sa tuwing pinagmamasdan ko siya, ang ama niya talaga ang naaalala ko sa kanya.

Sa loob din ng mga nagdaang panahon, alam

kong madami ring pinagdaanan ang ama ng batang ito. Ilang beses kong sinubukang ipaalam kay Yzak ang tungkol kay Yra, pero palagi akong pinanghihinaan ng loob.

Alam kong maayos na ang takbo ng buhay niya—lalo na iyong pagdating sa kanila ni Cassie. Nabalitaan kong may balak na silang magpakasal. Lalo tuloy akong nawawalan ng dahilan para ipaalam pa sa kanya ang tungkol kay Yra. Mas lalo akong nagkakaroon ng rason para itago na lang ang tungkol sa bata.

Ayaw kong sirain ang kaligayahan ng kaibigan ko.

Sa pagbabalik ko sa Pilipinas, hindi ko alam ang mga naghihintay sa akin. Masyado na ring mahaba ang panahong tiniis kong malayo sa pamilya ko. Sobrang tagal ko na rin palang nagpapakaduwag. Matagal nang naghihintay ang mga magulang ko sa akin. Sa amin.

“Yra!”

Nagpa-welcome party sina Mommy at Daddy sa isang restaurant para sa pag-uwi namin nina Ate. Dito na kami dumerecho pagkagaling ng airport. Tuwang-tuwa nilang sinalubong si Yra. Lahat sila pati na ang nakababata ko pang mga kapatid ay pinagkaguluhan ang bata. Nag-abot pa nga sila ng mga regalo sa anak ko.

Pagkatapos kumain ay namasyal din kami sa isang mall sa Pasay. Tuwang-tuwa si Yra sa dami ng tao at sa mga bagong bagay na nakikita niya.

Nagpaalam ako na magsi-CR na muna. Sobrang liit nga siguro ng Pinas dahil nakatagpo ako ng mga kakilala pagpasok doon.

“Kara? Kara Evangelista?” narinig kong tawag sa akin ng mga dati kong kaklase noong college.

Dahil doon, nakarating sa mga kabarkada ko na nandito na ako sa Pilipinas. Naging ganoon kabilis para mahuli ako ng mga pinagtataguan ko.

Sa loob ng apat na taon ay naging inactive ako sa social media. Hindi ako nagpo-post ng kahit ano at ganoon din ang pamilya ko. Iniiwasan namin na may makaalam na nagdadalang-tao ako, na nagkaanak ako.

Matagal na panahong walang balita sa akin ang mga kaibigan ko. Nagcha-chat sila pero hanggang kumustahan lang ang sagot ko. Iniiwasan kong makipagkuwentuhan sa kahit kanino sa barkada.

Kahit napaghandaan ko na ito...

Kahit nauunawaan kong sa pag-uwi ko sa Pilipinas ay malalaman at malalaman nila ang sitwasyon ko, hindi ko inaasahan na magiging ganito kabilis. Kababalik ko lang, alam na nila agad.

“Kara, kumusta ka na? Totoo pala talagang nagbalik ka na! Ang ganda-ganda mo lalo!” Panabay na nagsasalita sina Liz at KC, ang pinaka-close kong mga kaibigan.

Madalas silang dumalaw rito sa bahay noon. Talagang sinorpresa nila ako sa ginawa nilang pagbisita ngayon at may mga dala pa silang regalo.

“Mama!” Tumakbo si Yra palapit sa akin.

Halatang nagulat ang dalawa kong kaharap.



“Wow! Sobrang shocking ng mga revelation na 'to. Umuwi ka sa Pinas... at may anak ka na pala. Sorry, wala kaming ideya...”

Nagkuwento na lang ako ng pahapyaw. Sinabi ko sa kanila na sikreto ang tungkol kay Yra dahil hindi ako kasal.

“Eh, bakit hindi kayo nagpakasal sa Japan ni Giu?” tanong ni KC.

Isa pang kwento na hindi malinaw sa kanila. Alam nilang nagpunta ng Japan si Giu para sundan ako pero pagkatapos niyon ay nawalan na rin sila ng balita tungkol dito.

“H-hindi si Giu ang ama ng bata. Matagal na rin kaming hiwalay,” kinakabahan at sobrang nahihiya kong paliwanag.

Sobrang awkard ng sandaling iyon. Sobrang nagulat sila sa nalaman. Mayamaya ay sinabi nilang

naghanda sila ng welcome party sa akin.

“G-gusto mo pa bang makipagkita sa mga kabarkada natin? Siguradong na-miss ka rin nila. Hindi lang sila makasama ngayon dito dahil sa trabaho. Pero maiintindihan namin kung huwag na lang ituloy ‘yung party,” ani Liz.

“Ha? Hindi na natin itutuloy?” Parang namroblema si KC. “Ah, okay.”

Napabuntong-hininga ako. “Huwag na kayong mag-abala. Magbi-birthday na rin kasi si Yra. Mabuti pa, d’un na lang tayo mag-celebrate. Panahon na rin siguro para ipakilala ko sa inyo formally ang anak kong si Yra,” sabi ko.

Bahagya silang natahimik. Alam ko ang gusto nilang itanong, pero naalangang isaboses.

“Ang ama ni Yra... Sa ngayon, ayoko munang may makaalam tungkol sa kanya,” paliwanag ko.

“K-kilala ba namin siya?” tanong ni KC.

Natatakot talaga ako sa tanong na iyon.

“May dahilan ba para itago mo sa amin ang pagbubuntis mo? Dahil ba ito sa ama ng bata?” dagdag pa ni Liz bago pa ako makaisip ng sasabihin.

“Gan’on na nga siguro,” sagot ko na lang.

“Hindi ba... hinahanap ng bata ang kanyang ama?”

Muli akong pinag-alala ng tanong na iyon.

Sa totoo lang, iyon ang karaniwang tinatanong sa akin ng mga tao. At ang totoo hanggang ngayon ay hindi ko pa rin alam ang isasagot. Noong isilang ko si Yra ay ipinangako ko sa sarili ko na pupunan ko ng pagmamahal ang pagkukulang ko sa kanya dahil ipinagkait kong magkaroon siya ng ama.



Lumaking masaya si Yra. Ginagawa namin ni Ate ang lahat para ibuhos sa kanya ang lahat ng atensyon na kaya naming ibigay. Kung tutuusin, itinatago namin si Yra sa mga tao at palaging kami lang ang kasama niya dahil iniawasan namin na matanong siya at magtanong siya.

Ayokong isipin ng anak ko na may kulang sa kanya. Masyado pa siyang bata para mamroblema.

Pero kahit anong ingat at iwas namin, dumating pa rin iyong panahon na nagtanong ang anak ko kung bakit nga ba wala siyang Papa.

*“Balang araw, darating din ang Papa mo at makikilala mo siya. Hindi pa lang puwede ngayon. Just wait for him, okay? Just like your Mama. She’s also waiting for the right time. Naghihintay rin ang mama mo na makilala ka ng Papa mo. Promise you’ll wait when she’s ready?”*

*“Okay! I promise! I’ll wait for the right time.”*

Palagi na lang si Ate ang sumasalo sa mga problema ko.

Ang alam ko lang, ang mga salitang iyon na binitawan ni Ate ay sobrang pinanghawakan ni Yra. Hindi ko alam kung talagang naiintindihan ng batang tatlong taong gulang ang mga sinabi ng kapatid ko pero hindi na siya nagtanong pagkatapos noon.

“Ah, eh, ilang taon na pala ang anak mo sa birthday niya?” tanong ni Liz.

Siguro napansin na nilang naaalangan akong sagutin ang tanong nila.

Pilit ang ngiti ko. “Four years old na siya sa birthday niya.”

Natigilan sila. At bahagyang nagkatinginan.

Sobrang awkward ng sandaling iyon, pero wala na silang naging tanong pagkatapos.

Naging abala kaming lahat para sa paghahanda para sa nalalapit nang kaarawan ni Yra. Madaming naging preparasyon. Dahil malaking pagdiriwang, mas naging agaw-pansin sa mga kamag-anak namin ang tungkol sa anak ko.

Gaya ng reaksyon nina Liz at KC, ikinagulat at ipinagtaka ng mga kamag-anak at kakilala namin ang pagkakaroon ko ng anak. Hindi naiwasan ang pagkalat ng iba't ibang chismis. Ikinasama iyon ng loob ng pamilya ko. Pero kahit papaano ay napaghandaan na namin na mangyayari talaga iyon.

Ang ikinakatakot ko lang talaga ay ang magiging epekto niyon kay Yra.

Dumating ang birthday ni Yra. Lahat ng mga taong malalapit sa amin ay dumalo sa pagdiriwang. At gaya ng ibinilin ko kina Liz at KC, inimitahan nila ang iba pa naming mga kabarkada na nagulat sa natuklasan sa pagdiriwang na kanilang pinuntahan.

“Ang guwapo ng batang ito, Kara. Siguro sobrang guwapo din ng tatay nito.”

Gaya ng mga kumakalat na chismis, paniwala ng mga kabarkada ko ay isang Hapones ang nakabuntis sa akin. Hindi namin iyon inamin o itinanggi. Hinayaan na lang naming paniwalaan ng mga tao kung anuman ang gusto nilang isipin.

“Ah, Kara, hindi nga pala makakapunta si Yzak. Nagpapasama daw kasing mag-shopping si Cassie, ngayong araw lang daw puwede kasi ngayon lang nagkaday-off 'yung tao,” sabi ni Nikko.

“Ano ‘ka mo?” bulyaw ni Liz sa lalaki. “Para iyon lang kaya siya di makakapunta? Palagi na ngang nakatutok ang oras niya sa Cassie na iyon ‘tapos itong araw lang na ‘to hindi pa niya maibigay sa ‘tin?”

“Okay lang iyon, Liz. Naiintindihan ko naman,” sabi ko sa kanya. Hindi ko alam kung nakahinga ako nang maluwag na hindi makakarating si Yzak.

Napakunot siya ng noo, “Hindi, eh, Kara. Dalawang linggo ka na lang dito. Si Cassie kahit kelan puwede niyang makasama.”

“Tama. At saka palagi siyang nagrereklamo noon na hindi ka daw nagpaparamdam ‘tapos ngayong nandito ka, i-snob-in ka naman niya. Kahit sabihin pa nating maaaring nagtatampo siya, wala pa rin siyang karapatan,” dagdag pa ni KC.

Nagtataka ako kung bakit big deal sa kanila ang pagtangga ni Yzak gayong alam naman nila kung gaano ka-spoiled si Cassie doon sa tao.

“Kayo na rin ang nagsabi. Dalawang linggo pa rito si Kara. O, eh di puwede pa silang magkita. Para namang napakahalaga ng araw na ‘to para kay Yzak. Birthday party ito ng anak ni Kara, okay?” sabat ni Mike.

“Tama,” segunda ko. “Madami pa namang pagkakataon. Ah, sige, aasikasuhin ko na muna ang ibang bisita,” paalam ko sa kanila.

Nagulat ako nang salubungin ako ni Yra. Ipinakita niya sa akin ang mga regalo na natanggap niya.

Sa kabila ng kasiyahan ng anak ko ay hindi ko napigilang maapektuhan sa mga binitawang salita ni Mike. May punto siya. Walang alam si Yzak tungkol kay

Yra. Hindi ko rin sila personal na inimbita at sinabing birthday party ito ng anak ko. Kahit nga si Mike at iyong iba ay nagulat. Paano pa si Yzak na walang alam.

Gayunpaman, hindi ko maiwasang malungkot para sa anak ko. Ito ang unang kaarawan niya kasama ang mahahalagang tao sa buhay niya, at ito rin ang pagkakataon kung kailan makakasama niya sana ang kanyang papa. Kahit walang alam ang kahit sino sa kanilang dalawa.

Gusto ko lang na mabalikan niya ang napakahalagang araw na ito sa buhay niya balang araw kung kailan nakasama niya ang kanyang papa. Dahil pakiramdam ko, ito na rin ang huling pagkakataon.

Natapos ang event. Ang ibang bisita ay umuwi na. Pinili nina Liz at KC na hintayin na kami.

“Hindi talaga dumating ang walanghiya,” narinig kong sabi ni Liz kay KC nang lapitan ko sila.

“May hinihintay pa kayo?” tanong ko na lang. Mukhang nagulat sila sa paglapit ko.

“Ikaw pala, Kara.” Nginitian nila ako. “Ah, wala naman.”

Ginantihan ko na lamang ang ngiti nila.

“Mauuna na kami ni Yra. Inaantok na daw kasi siya. Maiiwan pa dito sina Mommy. Kayo ba?” May panghihinayang sa kanilang mukha.

“Kung uuwi ka, sige uuwi na lang din kami,” ani KC.

Nang makasakay kami ni Yra sa sasakyan ay bigla itong nagsalita. “Mama, my toys! I forgot my toys.”

“Don’t worry, Lola will bring all your toys later.”

“But I want my car now. I can’t sleep without it,”

naiiyak niyang sabi.

Wala akong nagawa. “I will get it for you. Stay here in the car, okay?” Tumango siya bilang tugon at ngumiti pa.

Pinabantayan ko muna si Yra sa kapatid kong si Karl na nakatayo malapit sa kotse na ginamit naming mag-ina.

Nagmamadali akong bumalik sa loob ng restaurant at hinanap sina Ate. Mabuti na lang at agad ko ring nakita ang kotse-kotsehang nilalaro ni Yra kanina.

Pabalik na ako kay Yra nang masino ko ang lalaking kasama nina Liz at KC.

“Bakit ngayon ka lang! Nakauwi na sina Kara!” Malinaw kong narinig ang sinabi ni KC sa matinis na boses.

Sandali akong napako sa kinatatayuan ko. Ngayon ko na lang ulit nakita si Yzak.

“Pasensya na talaga. Si Cassie kasi—”

“Cassie, Cassie. Lagi na lang Cassie! Leshe!”

“Ano ba, Liz? Hindi ka inaano ni Cassie, ah!” naiinis na sabi ng lalaki.

Napagdesisyonan kong umalis na. Mas mabuti pa nga sigurong hindi na muna kami magkita ngayon.

“Hoy, wala kang karapatang mainis, ah! May mas malaki kang kasalanan kay Kara kung tutuusin!” narinig kong asar na sabi ni Liz kay Yzak.

Napatda ako para pakinggan ang pag-uusap nila. Anong kasalanan?

“Tch. Maiintindihan naman ni Kara iyon dahil si Cassie ang inasikaso ko.”

“Cassie! Tigil-tigilan mo na ang kababanggit sa

Cassie na 'yan, ha. Kahit ikakasal na kayong dalawa, wala akong pakialam dahil may mas malaki kang responsibilidad kay Kara. Alam mo ba kung ano'ng okasyon ngayon?"

Unti-unti akong kinukutuban sa bawat salitang naririnig ko. Kumakabog sa takot ang puso ko.

"Okay, babawi ako promise. Magpapa-welcome party ako para kay Kara. Ako ang gagastos ng lahat."

"At talagang—Birthday ng anak ni Kara, okay? May anak si Kara, Yzak!"

"Four years old ngayon 'yung bata. Four years and nine months ago may nangyari kay Kara! 'Yun 'yung araw na iniwan namin sa 'yo si Kara. Remember, inamin mo sa amin na may nangyari sa inyong dalawa kasi nagtataka na kami kung bakit sobrang interesado ka kung nasaan siya? Hindi si Giu ang ama. Naghiwalay sila dahil d'un sa pagbubuntis niya."

Tuluyan nang bumigay ang mga tuhod ko. Hindi ako makapaniwala sa mga narinig ko. Alam nina Liz at KC?

"Mama!" narinig kong tawag ni Yra.

Sa pagsigaw niya ay nabaling sa direksyon namin ang atensyon ni Yzak.

Magkapanabay pa akong nilapitan nina Yra at Yzak.

"Kara! What happened? Are you okay?"

Dahan-dahan akong tumayo.

"Kara?" Nang tumunghay ako sa kanya, tuluyan nang kumawala ang luha ko.

"Mama, why are you crying? Where does it hurt?"

Parang sasabog ang puso ko sa kaba habang

masusing pinagmamasdan ni Yzak si Yra.

“Kahit saang banda namin tingnan ang bata, Yzak, ikaw ang nakikita namin. Paano pa kaya kung DNA Test na ang magpapatunay sa ‘yo?’” ani Liz.

Sa galit ko ay agad kong binuhat si Yra at inilayo sa kanila. Sinubukan akong habulin ni Yzak pero mabilis kaming nakapasok na mag-ina sa loob ng kotse. Agad ko iyong pinaandar at umalis na kami roon.

Hindi ko kinaya ang reaksyong nakita sa mga mata ni Yzak. Iyong parang natuklasan niya na may alam pala ang mga kaibigan. Na nahuli ito sa balita.

Kaya naman pala ganoon na lang ang reaskyon ng mga kaibigan ko habang nagkukwento ako tungkol sa anak ko. May kutob na siguro sila noon pa kung sino ang ama ni Yra. Pinangunahan nila ako sa desisyon ko. Ibinunyag nila kay Yzak ang tungkol sa anak ko nang walang pahintulot ko.

Akala ko kaya ko na. Akala ko handa na ako. Ayoko pa pala. Hindi ko pa talaga kayang harapin at aminin ang lahat kay Yzak. Sa tuwing susubukan kong tingnan siya ay unti-unti kong nakikita kung paano ko sisirain ang mga pangarap niya.



Naaalala ko iyong mga panahong bago pa lamang kaming magkaibigan ni Yzak. May mga salita siyang tumatak sa isip ko.

“Nakikita ko kasi ang future ko na kasama siya. Si Cassie ang babaeng gusto kong mapangasawa at makasama habang-buhay. Magkakaanak kami at bubuo ng masayang pamilya. Balang-araw ay matutupad din lahat ng ito.”

Noon pa lang ay alam na ni Yzak ang gusto niya. Desidido at determinado siyang tao, ginagawa niya talaga ang lahat at nag-e-effort siya para maabot ang gusto. Pagdating kay Cassie, humahantong siya sa pagpapakatanga. Pero consistent pa rin siya na ito lang talaga ang gusto niya kahit paulit-ulit siyang masaktan dito.

*“Mahal ko talaga, eh. Hindi ko kaya na walang gawin. Ayokong bitiwang siya at hayaang tuluyang mapunta sa iba. Naniniwala kasi ako na kami talaga sa huli.”*

Ilang beses nang nagkaroon ng ibang boyfriend si Cassie kahit consistent na nanliligaw si Yzak sa kanya. Tanga rin talaga si Yzak. Hindi niya magawang bitiwang ang pag-ibig niya para kay Cassie kahit parang paulit-ulit lang siyang pinapaasa nito.

Pero tama si Yzak. Sila talaga sa huli. Ngayon nga ay ikakasal na sila.

At ang paghihirap ni Yzak nang mahabang panahon ay sisirain sa isang iglap ng pagkakamali namin. Ngayong alam na niya ang tungkol kay Yra, ipaglalaman pa rin ba niya si Cassie? O tuluyan na ba niyang bibitawan ang babaeng iyon dahil sa pagsubok na ito? Paano kung malaman ni Cassie at ito ang mang-iwan sa kanya? Ano ang gagawin ni Yzak?

*Ano'ng gagawin ko?*

Napabalik ako sa kasalukuyan nang may kumatok. Nakita kong pumasok si Ate sa kuwartong ginagamit naming mag-ina. “May bisita ka, si Yzak.”

Napabuntong-hininga ako. Alam ko nang pupunta siya ngayon dito dahil nag-chat siya sa akin. Saglit akong nag-ayos ng sarili bago lumabas.



“Heto, hijo, mag-merienda ka na muna.” Naabutan kong naglapag si Mommy ng makakain sa center table sa salas.

Nagpasalamat si Yzak sa kanya.

Napansin ko kung paanong pagmasdan ng aking ina ang kaibigan ko. Mas lalo kong napagtanto ang obvious na katotohanan na buong buhay kong pinilit pagtakpan. Hindi maipagkakaila na talagang si Yzak ang ama ni Yra.

“Mommy,” pag-agaw ko sa atensyon nila.

Naintindihan naman niya ang ipinahiwatig ng tingin ko at iniwan na muna kami ni Yzak.

Nabasa ko ang mga tanong sa mukha ng kaibigan ko. Binuhat ko ang tray ng mga pagkaing inihanda ni Mommy para sa kanya.

“Tara, sa labas tayo.” Sumunod naman siya.

Pumunta kami sa kubo. May kataasan ang pwesto ng kubong ito. Tanaw namin ang anak ko na kasalukuyang nasa park sa loob ng subdivision at naglalaro.

Nakita ko kung paano niya pagmasdan ang anak ko. Ganoon din ang reaction niya noong una niya itong makita. He’s still shocked.

“Sana maintindihan mo na hindi pa ako handa na ipakilala ka sa kanya,” sabi ko.

“Halos limang taon,” sabi lang niya.

Naintindihan ko ang panunumbat sa tono niya. May karapatan siyang magalit dahil itinago ko ang karapatan niya sa bata.

Hindi ko inaasahan ang sunod niyang sinabi. “All this time akala ko galit ka sa akin. Hindi ka nagre-reply

sa mga chat ko. Hindi ka nagpaparamdam. Nawalan kami ng balita sa 'yo. Sinubukan kong i-chat si Giu para makarinig ng tungkol sa 'yo at sa kanya ko nalaman na naghiwalay kayo. Apat na taon ko nang alam na wala na kayo.

“Inisip ko na dahil sa akin kaya umiiwas ka. Nakokonsyensya ako kaya sinabi ko kina Liz at KC ang nangyari sa 'tin. Nagbaka-sakali akong aamin sila sa akin sa totoong nangyayari sa 'yo kung magtatapat ako. Pero wala din talaga silang alam.

“Hanggang sa kahapon, natuklasan ko ang katotohanan. Nasagot ang mga tanong ko. Lahat ng mga sinabi nila sa akin ay tumutugma sa lahat ng kutob ko. Nagbunga ang pagkakamali natin.”

“Ayokong ipaalam sa 'yo kasi... natatakot akong baka masira ang buhay mo—”

“At sa tingin mo may nabago dahil ngayon ko lang nalaman?” putol niya sa akin. Hinarap niya ako.

Kumabog ang dibdib ko sa mga tingin niya. Galit siya.

“Gusto kong magalit dahil ngayon mo lang sinabi sa akin ang napakahalagang bagay na 'to. Ngayon pa na malapit na akong ikasal. Gusto kong isipin na sinadya mong ngayon pa bumalik dito sa Pinas para ngayon ko lang malaman dahil alam mong ikakasal na ako. Na ginawa mo ito dahil gusto mong makaganti at mas sirain ang buhay ko. Pero...” Pumiyok siya. Gaya niya ay unti-unting namuo ang luha ko habang nakatingin kami sa mga mata ng isa't isa. “Naalala kong kaibigan nga pala kita. Tandang-tanda ko n'ung pagkatapos na may mangyari sa 'tin ay sinabi mo

sa akin na okay ka lang. Na paulit-ulit mo akong kinumbinsi na magiging ayos ang lahat.” Napayuko siya, “Naalala ko na ganoong klase ka ng tao. Ayaw mong sisihin ka ng iba kaya sinasarili mo ang mga bagay-bagay na dapat ay problema rin nila.”

“Hindi sa gan'on, Yzak—”

“Limang taon! Limang taon, Kara. Ang dami mong pagkakataon para aminin sa akin ang tungkol sa bata. Bakit ngayon pang ikakasal na ako?”

Natahimik ako. Nanginig ang aking mga labi sa takot.

“Simula ngayon itatama natin ang lahat. Pananagutan kita at ang bata—”